


# Missing: Kumpleto, tumpak, bukas na datos ukol at para sa mga OFW

***By the Center for Migrant Advocacy***
***and Right to Know, Right Now! Coalition***

Ano nga ba ang lagay ng data management system at mga datos ukol at para sa mga OFW?

Paano ba natin nalalaman ang ganitong impormasyon, at paano ba ito nasisigurong tama?

Ang mga numerong inilalabas ng pamahalaan, malamang hindi iniinda ng karamihan. Ngunit ang mga datos na ito'y nagsisilbing basehan ng iba't ibang patakaran, serbisyo't programa ng pamahalaan. Sa mga datos na ito, nabibigyan tayo ng ideya kung ano ang sitwasyon, at posibleng solusyon sa anumang problema.

Ayon sa Republic Act No. 10022 na nag-amyenda sa R.A.8042, dapat gumawa ang pamahalaan ng "Shared Government Information System for Migration," kung saan dapat ibinabahagi ng mga ahensyang may kinalaman sa mga OFW ang mga datos na nakakalap nila. Ang ibig din nito'y dapat may mga computer facilities na naka-link sa isa't isa upang maayos na makuha't magamit ng mga nangangailangan ng datos.



Pero sa ngayon, mano-mano pa rin ang pagproseso ng mga dokumentong kailangan ng mga OFW. Pisikal na ipinapasa ang mga dokumento sa mga ahensya, at iniimbak naman ng mga ito ang datos sa kani-kanilang opisina. Mano-mano rin ang paglagay ng mga datos sa database. At bawat ahensya, may kanya-kanyang database. Ang resulta: Hindi ito madaling maibahagi sa publiko at kinakailangan pang hingin at maghintay ng ilang araw kung maiibibigay o hindi ang datos.

Sa kabila nito, noong 2018, mayroon din namang naging resulta ang data management ng mga ahensya nang naglunsad ang Philippine Statistics Authority ng National Migration Survey. Nakalap ng survey ang mga datos ukol sa paggalaw o mobility ng mga Pilipino (PSA, 2018) at ilang mga paksa tungkol sa mga OFW. Ngunit mayroon ding mahahalagang bagay ukol sa kanila ang hindi naisama.

Hanggang ngayon, walang pangkalahatan at kumpletong datos tungkol sa mga OFW. Nagmumula sa samu't saring ahensiya ang mga datos, lalo na ang mga statistic, tungkol sa mga Pilipinong nagtatrabaho sa labas ng ating bansa. Iba-iba rin ang nilalaman at gamit ng mga datos na hawak ng mga ahensiyang ito, depende sa kung ano ang kailangan ng mga ahensyang mayroon nito.

**"Mano-mano pa rin ang pagproseso ng mga dokumentong kailangan ng mga OFW."**

# Iba't ibang uri ng datos na maaaring makuha mula sa mga ahensya ng gobyerno

| AHENSYA | DATOS NA MAKAKALAP | PINAGMUMULAN NG DATOS |
|---|---|---|
| **Department of Foreign Affairs** | • Statistics ng bilang ng mga Pilipinong lumalabas ng bansa<br>• Statistics ng bilang ng mga Pilipinong pumapasok sa bansa<br>• Distrisbusyon ng bilang ng mga OFW sa iba't ibang rehiyon at bansa<br>• Statistics ng bilang ng mga OFW na nakatanggap ng tulong<br>• Listahan ng mga overseas Filipino migrant voters | • Detalye mula sa visa at sa pasaporte<br>• Dokumento mulas a DFA OUMWA (Office of the Undersecretary for Migrant Workers Affairs) |
| **Philippine Overseas Employment Administration** *(mapapaloob ang ahensya sa Department of Migrant Workers)* | Statistics ng mga OFW na nakatanggap ng kontrata para makapagtrabaho sa ibang bansa | • Employment contracts<br>• Overseas Employment Certificates (OECs) |

# Iba't ibang uri ng datos na maaaring makuha mula sa mga ahensya ng gobyerno

| AHENSYA | DATOS NA MAKAKALAP | PINAGMUMULAN NG DATOS |
| --- | --- | --- |
| **Department of Health** | Statistics ng mga OFW na humingi ng medical assistance at nag-apply sa MRAP (Medical Repatriation Assistance Package) | Application form (UMRAF o Unified Medical Repatriation Assistance Form) |
| **Overseas Workers Welfare Administration** | • Statistics ng mga OFW na miyembro ng OWWA<br>• Statistics ng bilang ng mga OFW at halaga ng perang ginagamit para sa mga programa't serbisyo ng OWWA | • Membership<br>• Application forms |
| **Philippine Health Insurance Corporation** | Statistics ng bilang, kasarian, dependents, halaga ng claims, at ilang beses ang claims ng mga benepisyaryong OFW | • Membership<br>• Application forms |
| **Department of Finance Department of Finance - Insurance Commission** | Statistics ng mga OFW na mayroon at gumamit ng insurance | Insurance forms para sa mandatory insurance at iba pang insurance |

# Iba't ibang uri ng datos na maaaring makuha mula sa mga ahensya ng gobyerno

| AHENSYA | DATOS NA MAKAKALAP | PINAGMUMULAN NG DATOS |
|---|---|---|
| **Philippine Statistics Authority** | • Statistics ng bilang ng mga OFW (kada taon)<br>• Statistics ng uri ng kontrata ng mga OFW<br>• Statistics sa ipinapadalang salapi sa Pilipinas ng mga OFW | Surveys |
| **Bangko Sentral ng Pilipinas** | Statistics ng halaga ng mga ipinapadalang salapi | Transaksyon para sa mga salaping ipinapadala ng mga OFW |
| **Commission on Filipino Overseas** | • Statistics ng profile ng mga registered na Filipino migrant<br>• Statistics ng profile ng Filipino Spouses at Other Partners of Foreign Nationals | |

## Paano makikita ang mga datos na ito?

Mayroon din namang datos na isinasapubliko ng pamahalaan at hindi na kailangang hingin pa. May kapangyarihang magsagawa ng mga survey sa mga OFW ang PSA, ang pangunahing ahensiya na nagkakalap ng mga datos sa bansa. Upang mapagyaman ang mga datos na kinakalap nito, kadalasan ay nakikipag-ugnayan din ang PSA sa iba't iba pang ahensiya tulad ng POEA.

Ang malimit na ibinabahaging datos sa PSA website ay ang bilang ng mga OFW na gumagamit sa serbisyo ng mga ahensiya. Para sa mas detalyadong statistic tungkol sa OFW, maaaring magsumite ng FOI (Freedom of Information) request sa mga ahensiyang may hawak ng hinahanap na datos.

Mayroon ding mga datos na mula sa mga pribadong kumpanya o organisasyon na nagsagawa rin ng pag-aaral tungkol sa mga OFW. Sa website nila nakapaloob ang mga datos na ito para sa mga researcher. Puwede rin naman humingi ng kopya kung minsan. Mag-ingat lamang sa paggamit ng mga datos sa Internet; dapat alamin kung paano, saan, at kailan nakuha ang mga ito.

## Bakit kailangan ng maayos na sistema para sa mga datos ukol sa mga OFW?

Walang malinaw na pamantayan. Malaking usapin ito. Ang mga datos ng mga ahensya, dumaadaan sa iba't ibang proseso't pamamaraan ng pagkokolekta. Wala tayong nakikitang iisang batayan o standard measure na ginagamit nila.

Mabuti sana't maraming ahensya ang nangongolekta ng datos pero madalas ay kulang-kulang ang mga detalyeng inilalalabas nila dahil walang standard measure para sa lahat ng datos tungkol sa mga OFW. Base na rin sa mga FOI request at mga publikong statistic, may mga detalye na hindi pa naitatala. Halimbawa nito ay walang maayos na datos ukol sa mga namamatay na OFW, kung ano ang naging sakit ng mga ito, at kung saan sila nakadestino nang sila'y bawian ng buhay.

## Kailangan ng pangkalahatang datos ukol sa OFW

Malinaw na dapat ay kumpleto't tama ang mga datos tungkol sa mga OFW, tulad ng uri ng trabaho, tirahan, kasarian, at uri ng kumpanya, at pati na rin ang sahod, mga assistance na nahingi na sa pamahalaan, at nagamit. Kailangan din ang bilang ng mga namatay, nagkasakit, umuwi ng bansa, at papaalis ng bansa. Mahalagang maitala ang mga ganitong datos sapagkat ginagamit ito sa paggawa ng polisiya o ebalwasyon sa mga programa – kung ito ba ay sapat na, kulang pa, o may mga kailangan baguhin.

## Kailangan ng representasyon ng mga OFW

Mailalarawan ng mga datos ang pangkalahatang kalagayan ng mga OFW. Ang pagkakaroon ng maayos at napapanahong pamamaraan ng pagkalap ng datos ng mga OFW ay isa nang malaking pagkilala sa mga itinuturing na bagong bayani ng bayan.

Ang pagsagot din sa mga survey o panayam ng mga OFW ay mahalagang partisipasyon bilang Pilipinong may tinatanaw na responsibilidad at karapatang ibahagi ang kanilang opinyon at karanasan.

## Kailangan masubaybayan ang mga OFW Network

Sa panahon ngayon, madali nang gumamit ng social media at madali nang magbahagi ng mga impormasyon, pero wala pa pa ring komprehensibong datos tungkol sa mga OFW. Malaking tulong sana ang mga network na ginagamit ng mga OFW upang maisaayos ang data management system na ito. Sa mga OFW social media group, malimit ang palitan ng mga karanasan, mayroon ding humihingi ng tulong, at humahanap ng mga kaibigan. Mahalaga, maayos, at madaling makalap ang mga datos tungkol sa ganitong mga grupo na hitik sa impormasyong hindi madaling makuha sa mga opisyal na dokumento.

## Mga kailangan pagtuunan ng pansin

Marahil nasanay na tayong lahat sa mga pagkahaba-habang mga proseso't tambak-tambak na papeles tuwing nakikipag-ugnayan tayo sa pamahalaan. Ganito rin ang dinaraanan ng mga OFW, makailang beses man silang nakaalis na ng bayan. Ngunit kadalasan, nawawala pa ang mga dokumentong naibigay ng mga OFW sa mga ahensya ng pamahalaan, o dili kaya'y 'di malinaw ang mga datos na galing sa mga manning agencies. At habang hindi tumutugma sa tunay na sitwasyon ang datos na hawak ng mga ahensya, ang mga OFW ang madalas napeperhuwisyo't nalalagay sa panganib.

## Digitalize data management System

Ang pagkakaroon ng digitalized data management system ay makapagpapagaan sa prosesong dinaraanan ng mga Pilipinong nais magtrabaho sa ibang bansa. Sa ganitong sistema, naitatala ng real time ang lahat ng transaksyon tungkol sa mga OFW. Maaaaring isama ang sistemang ito sa isinusulong na digitalization ng Department of Migrant Workers (DMW).

Ayon kay DMW Secretary Susan Ople, inaabot ng ilang buwan ang pagproproseso ng mga papeles para sa paglipad ng mga OFW kaya gagawing prayoridad ng DMW ang digitalization ng mga transaksyon katulad na lamang ng pagkuha ng OEC or Overseas Employment Contract. Mas mapapadali na rin ang pagkalap ng mga datos dahil magkakaroon na ng database.

Tunay nga na maraming dapat pagtuunan ng pansin pagdating sa integridad ng mga datos. Ito'y dahil na rin sa hindi maayos at kadalasa'y hindi na angkop ang mga ito. Maganda ring ipagpatuloy ang pakikipag-ugnayan ng DMW sa iba pang mga ahensyang may kinalaman sa mga OFW at pag-isahin na lamang ang database ukol sa kanila.

## Migrant Worker Office

Ayong sa DMW Act, ang Migrant Workers Office o MWO ay magsisilbing sangay ng ahensiya ng pamahalaan sa ibang bansa. Ito ang unang tinutungo ng mga OFW kapag sila'y nagkakaproblema habang nasa ibang bayan. Mayroon ding mga OFW – lalo na ang mga nakauwi na sa Pilipinas – na sa local government unit nila lumalapit. Ang mga institusyong ito ang nagtatala rin ng mga kaso ng mga OFW kaya sa kanilang antas pa lamang dapat na simulan ang maayos na data management system. ***– Center for Migrant Advocacy and Right to Know, Right Now! Coalition, October 2022***